## Haring David at ang Kaban ng Tipan

(2 Samuel 6)



Si David ay tatlumpung taong gulang nang siya ay maging hari. Naghari siya sa Juda, isang bahagi ng Israel, sa loob ng pito at kalahating taon. Pagkatapos, ginawa siyang hari ng buong bayan ng Israel, at naghari siya sa buong Israel sa loob ng apatnapung taon. Ipinatupad niya ang batas at pinairal ang katarungan. Itinatag ni David ang kanyang trono sa isang lungsod na tinatawag na Jerusalem, na naging kabisera ng lungsod.

Matapos ang maraming tagumpay at ang pagkatatag ng kanyang paghahari sa Jerusalem, nais ni David na dalhin ang Kaban ng Tipan sa lungsod. Ang Kaban ng Tipan ay ang sagradong kaban na naglalaman ng mga tapyas ng Sampung Utos. Ito ay sumisimbolo ng presensya ng banal na Diyos. Walang sinuman ang maaring humawak ng sagradong bagay kundi, sila ay mamamatay.

Nang araw na iyon, inutusan ni Haring David ang kanyang mga tauhan na kunin ang Kaban ng Tipan mula sa bahay ni Abinadab. Dalawang anak ni Abinadab, sina Uzza at Ahio, ang napiling magbantay sa kariton na sakay ang kaban. Si Ahio ay nauuna ng paglakad sa kaban at si Uzza naman ay naglalakad sa tabi nito.

Habang sila ay naglalakbay, si David at ang buong sambahayan ng Israel ay nagagalak, at ang lahat at nagpatugtog, sumayaw at nagpuri sa Diyos. Subalit, habang sila ay nasa kalagitnaan ng kanilang paglalakbay, biglang natalisod ang baka na humihila sa kariton. Mabilis na inabot ni Uzza ang Kaban upang pigilan ito na mahulog. Bunga nito, nahawakan niya ang sagradong bagay, isang gawain na ipinagbabawal ng Diyos. Nagalit ang Diyos, kaya pinarusahan Niya si Uzza. Namatay siya sa tabi ng kaban.

Nalungkot at natakot si David sa nangyari. Itinigil muna ang pagdadala ng Kaban ng Tipan at pansamantala niyang inilagay ito sa bahay ni Obed-Edom, isang lalaking kilala sa kanyang kabanalan. Sa loob ng tatlong buwan na nasa tahanan ni Obed-Edom ang Kaban ng Tipan, ang sambahayan niya ay lubos na pinagpala.

Nang marinig ang mga pagpapala sa tahanan ni Obed-edom, ang takot ni David ay napalitan muli ng determinasyon. Muli niyang ipinasiya na dalhin ang Kaban sa Jerusalem, ngunit sa pagkakataong ito ay may higit pang paggalang at pag-iingat. Iniutos niya sa mga Levita na buhatin sa kanilang balikat ang Kaban gamit ang mga poste na nakapasok sa singsingan sa gilid, ayon sa utos ng Diyos kina Moses at Aaron noon, upang matiyak na walang direktang hahawak nito.

Nang makarating sa Jerusalem, ang Kaban ng Tipan ay inilagay sa tolda na itinayo ni David para dito. Nag-alay siya ng mga sinunog na handog at mga handog pangkapayapaan sa harap ng Panginoon. Pagkatapos, binasbasan ni David ang mga tao sa pangalan ng Panginoon at namahagi ng pagkain sa bawat isa, isang tinapay, isang bahagi ng karne, at isang keyk ng pasas sa bawat tao. Ang mga tao ay nagbalik sa kanilang mga tahanan na nagagalak.

Mula noon, nanatili ang Kaban ng Tipan sa Jerusalem, at naging paalala na ang Diyos ay lagi nilang kasama.

Ang Diyos ay banal at karapat-dapat sa mataas na paggalang. Ang pagiging banal ay katangian ng Diyos na nangangahulugan na Siya ay walang bahid ng kasalanan at kasamaan.  Siya ay perpekto sa lahat ng paraan, at mabuti sa lahat ng oras. Ang tao ay marumi dahil sa kasalanan. Kaya naman hindi maaaring hawakan ninuman ang Kaban ng Tipan dahil ito ay sumisimbolo ng presenya ng banal na Diyos sa Kanyang bayan.

